



# KAILANGAN KO BA NG PERMIT SA KONSTRUKSYON?

**Ang mga permit ay kinakailangan para sa maraming mga aktibidad ng konstruksyon sa Lalawigan ng San Diego.** Mangyaring konsultahin ang listahang ito para sa mga karaniwang kondisyon sa pagbibigay ng permit at mga karagdagang resource.

## PAMPIGIL NA PADER (RETAINING WALL)



Ang mga retaining wall o pampigil na pader ay dinisenyo para humadlang sa mga lupa o iba pang materyal, at ito gumagawa ng dalawang magkaibang taas. Kung plano ninyong magpatayo ng pampigil na pader na mas mataas sa tatlong (3) talampakan ang taas, o pampigil na pader na may kahit na anong taas na susuporta sa karagdagang timbang sa itaas ng pader (halimbawa, driveway o daanan papuntang garahe), kumonsulta sa Building Services (Serbisyo sa Gusali) ng Lalawigan tungkol sa pagkuha ng permit na kinokontrol ng California Building Code.

**Kontakin ang Building Services sa (858) 565-5920**

o bisitahin ang [www.sandiegocounty.gov/content/sdc/pds/bldg.html](http://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/pds/bldg.html)

## PAGPAPATAG (GRADING)

Ang pagpatag o grading ay kinabibilangan ng paglipat ng banlik (sediment) para maging patag o magkaroon ng itinakdang dalisdis (slope), karaniwang para sa konstruksyon o landscaping. Kung plano ninyong magpatag ng mahigit sa 200 metro kubiko ng materyal o maghukay (cut) ng dalisdis na mahigit sa walong (8) talampakan pataas, kumonsulta sa County Land Development (Pagpapaunlad ng Lupain ng Lalawigan) tungkol sa pagkuha ng permit sa pagpapatag ayon sa regulasyon ng County Grading Ordinance (Ordinansa sa Pagpapatag ng Lalawigan).



**Kontakin ang Land Development sa (858) 694-2055**

o bisitahin ang <https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/pds/LandDevelopment.html>

## PAGHAHAWAN

Ang paghahawan ay naglalarawan ng pisikal na pag-aalis ng mga likas na pananim. Karaniwan itong nangangailangan ng permit, maliban na lamang kung ang mga pananim ay tatanggalin nang nasa 100 talampakan ng isang bahay batay sa utos ng lokal na distrito ng bumbero upang makaiwas sa apoy. Nagbabagu-bago ang mga kailangan para sa permit, kung kaya't kumonsulta sa County Planning and Development Services (PDS) o Serbisyo ng Pagpapalano at Pagpapaunlad ng Lalawigan para sa impormasyon bago mag-alis ng mga pananim.



### **Kontakin ang Counter na Pang-impormasyon ng Sona ng PDS sa (858) 565-5981**

o bisitahin ang [www.sandiegocounty.gov/content/dam/sdc/pds/docs/pds800.pdf](http://www.sandiegocounty.gov/content/dam/sdc/pds/docs/pds800.pdf)

## DAANANG-TUBIG



Ang mga daanang-tubig ay kinabibilangan ng mga umaagos na anyong tubig tulad ng mga ilog, sapa, o batis, na kadalasang mayroong mga yamang-bayan (resource) na sensitibo sa kapaligiran na nasa ilalim ng pamamahala ng mga lokal, Estado, at Pederal na ahensya para sa yamang-bayan. Bago magsagawa ng anumang pagpapanatili o konstruksyon sa anumang daanang-tubig, kumonsulta sa Lalawigan para malaman kung kailangan ang anumang permit.

### **Kontakin ang Counter na Pang-impormasyon ng Sona ng PDS sa (858) 565-5981**

## **PANGKALAHATANG PERMIT SA KONSTRUKSYON (CONSTRUCTION GENERAL PERMIT O CGP):**

Ang mga aktibidad ng konstruksyon na magdudulot ng pagkakagambala ng lupain sa isa (1) o mas maraming ektarya ay maaaring mangailangan ng saklaw ng CGP mula sa State Water Resources Control Board (Water Board).

### **Kontakin ang Waterboard sa (619) 516-1990**

o bisitahin ang [www.waterboards.ca.gov/water\\_issues/programs/stormwater/construction.html](http://www.waterboards.ca.gov/water_issues/programs/stormwater/construction.html)

